# ILAW NG PAG-ASA

## Kalendaryo ng Panalangin

2025년 11월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**panalangin sa aming mga pinuno sa Kanluran at Gitnang Africa**

Ayon sa World Health Organization, isa a tatlong kababaihan sa buong mundo ang nakakaranas ng pisikal, emosyonal at pangkabuhayang karahasan sa kanilang boong buhay. Ang karahasan sa tahanan ang pinakamataas ang porsiento, habang ang pang-aapi na may kinalaman sa internet at sapilitang pagpapakasal ay malubha ding mga isyu. Sa Africa lamang, mahigit 230 milyon na mga batang babae at kababaihan ang sumasailalim sa pagkakapon (FGM). Ibuhos ninyo ang inyong sugatang puso at malumbay na kaluluwa sa Panginoon. Nawa, ang kapayapaan, panibagong lakas, at pag-asa na ibinibigay ng Panginoon ay maghari sa atin at panumbalikin tayo, upang makayanan nating magpatawad sa kanila na nanakit sa atin. Ang Diyos, na lumikha sa atin, ay nagnanais na alalahanin natin, na tayo ay Kanyang mga mahal na anak, at inaanyayahan Niya tayo na lumapit sa Kanya upang makatagpo ng tunay na kapahingahan.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

**1**. Banal na Ama, ipahayag po Ninyo ang Inyong sarili sa mga mamayan ng Kanluran at Gitnang Africa. Nawa ay tumugon sila nang may makadiyos na pagsisisi, makilala Ka at sumunod sa Iyo! (Rev. 22:17)

**2**. Panginoon, baguhin Mo ang puso ng mga nasa Benin na pinipilit ang mga kakabaihang nagnanais sumunod kay Cristo na sumamba sa mga diyosdiyosan. Ingatan Mo po ang mga kababaihang ito. (1 John 5:21)

**3**. Ikaw lamang ang makakapagpabago ng mga puso ng mga tao at ng pamayanang kinabibilangan nila, O Diyos. Magtindig Ka nawa ng mga matalinong tagapanguna upang mabago ang mga nakakasirang kaugalian at gawaing nakasayan na humahadlang upang umunlad ang mga kababaihan sa Burkina Faso. (Gal. 3:28)

**4**. Kunin Mo ang mga puso at isipan ng mga Kabataan sa Central African Republic. Ama, palayain Mo sila mula sa seksual na imoralidad at pagkasira ng kultura na nakapaligid sa kanila. (1 Cor. 6:18)

**5**. Panginoon, Ikaw nawa ang maging lugar ng kaligtasan para sa mga kababaihan sa Côte d'Ivoire. Maging panangga Ka nawa nila mula sa karahasan, sa panggagahasa at sa diskriminasyon. (Ps. 32:7)

**6**. Magdala Ka nawa ng pagbangon sa mga hindi nararating na mga mamamayan ng Gabon, kasama na ang komunidad ng Pygmy at ng mga taong may pananampalatayang Islam. Panginoon, pumasok Ka sa kanilang mga puso nang may kapangyarihan. (Eph. 1:18)

**7**. Diyos, magbigay Ka ng mga pagkakataon, mapagkukunan at tagumpay sa mga kababaihan sa Ghana upang magkaroon sila ng matatag na pananalapi at maputol ang kahirapan. (Phil. 4:19)

**8**. Panginoon, ang mga kababaihan nawa,sa Liberia na nagdurusa mula sa pisikal at mental na pangaabuso ay mapalaya mula sa paulit-ulit na karahasan, takot at emosyonal na trauma. (Ps. 34:18)

**9**. Ama, dalhin Mo ang Iyong kapayapaan at kagalingan sa lahat ng mga naapektuhan ng digmaan at kaguluhan sa aming mga komunidad sa Mali. Pakalmahin Mo ang mga pusong nababagabag at maibalik nawa ang kanilang pagkakaisa at pag-asa. (John 14:27)

**10**. Panginoon, magdala Ka ng kagalingan sa mga Kabataang babae sa Mauritania na nagdurusa dahil sa kaugalian ng pagtutuli, sapilitang pagpapakain at maagang pag-aasawa. Makialam Ka po upang magwakas ang mga kaugaliang ito. (Ps. 9:9)

**11**. Ama, maging silungan Ka nawa at tagapag-ingat ng mga kababaihan sa Niger. Maging sanggalang Ka nawa nila mula sa karahasan at panganib. Nawa ang iyong presensya ay mag-ingat at magdala sa kanila ng kapayapaan. (Ps. 46:5)

**12**. Ang krisis sa mga mag-asawang mananampalataya ay lumalala sa Nigeria. Ama, tulungan Mo ang mga asawang lalaki at babae na magmahalaan at maggalangan sa isa't isa. (Eph 5:21-28)

**13**. Nawa, ang darating na eleksyon sa West Africa ay maging mapayapa, Panginoon. Gabayan Mo ang mga tao sa pagpili ng matuwid at makadiyos na tagapanguna. (2 Chron. 7:14)



**14**. Ama, bigyan Mo ng tapang, biyaya at kalakasan ang mga kristianong kababaihan sa Benin na pinag-uusig ng kanilang mga pamilya at asawa dahil sa kanilang pananampalataya. (Rom. 8:35)

**15**. Diyos, gawin Mong malikhain at may kusang palo ang mga kababaihan sa Central African Republic upang magsimula at magpanatili ng mga gawaing magbibigay ng kita upang makaahon sila sa kahirapan. (Isa. 43:19)

**16**. Turuan Mo nawa at palakasin ang mga kababaihan sa Côte d'Ivoire, Panginoon. Gabayan Mo sila kung paano maipamumuhay ang pagiging mabuting ina, asawa at aktibong miyembaro ng Lipunan. (Ps. 32:8)

**17**. Diyos, patahimikin Mo ang mga kasinungalingan ni Satanas, na naglalayon na lokohin, lituhin at pagwatakwatakin ang Iyong mga anak sa Gabon. Bigyan Mo ng tagumpay ang Iyong Iglesya sa pangalan ni Jesus. (Isa. 54:17)

**18**. Nawa, ang mga kababaihan sa Ghana ay makatagpo ng kalakasan sa Iyo, Panginoon, para sa kanilang mga pusong nanghihina. Magpanibago nawa sila ng pag-asa at bigyan Mo sila ng inspirasyon upang mapagtagumpayan nang may tapang ang mga kahirapan na kanilang kinakaharap. (Ps. 31:24)

**19**. Ama, baguhin Mo po ang puso ng mga taong ginagamit sa maling paraan ang relihiyon at kapangyarihan para kontrolin, ipahiya at pagsamantalahan ang mga kababaihan sa Liberia. (Ps. 51:10)

**20**. Diyos ng karunungan, ibuhos Mo po ang Iyong pang-unawa at biyaya sa mga pastor at tagapagturo sa Mali. Gabayan Mo sila upang makapanguna nang may kapakumbabaan, katiyagaan at pag-ibig. (James 1:5)

**21**. Panginoon, pagkalooban Mo ng pagkain, malinis na tubig at ligtas na tirahan ang mga kababaihan at ang kanilang pamilya sa Niger. Nawa ang Iyong kasaganaan ay dumaloy sa kanilang buhay. (Matt. 6:11)

**22**. Panginoon, palakasin mo ang grupong tagapanalangin ng TWR Women of Hope sa Ebonyi estado ng Nigeria. Nawa ang mga kababaihang nakakadaupang palad nila ay lumapit kay Cristo at lumago sa pagkilala sa Kanya. (Matt: 5:16)

**23**. Ama, palayain Mo at bigyan ng tinig ang mga kababaihan sa Benin na pinapatahimik sa pamamagitan ng karahasan at pang-aabusong seksual. (John 16:33)

**24**. Nawa ay maabot at makapagministeryo ng pag-asa at kagalingan kay Jesus ang aming grupo sa Central African Republic sa mga naaabuso at namamaltratong kababaihan sa mga liblib na lugar. (Ps. 82:3)

**25**. Diyos, magdala Ka nawa ng pisikal at mental na kagalingan sa mga kababaihang nasa kanayunan sa Côte d'Ivoire. Nawa ay mabigyan sila ng pangangalagang pangkalusugan, lalo na sa mga buntis at mga ina. (Jer. 17:14)

**26**. Magdala Ka nawa ng kagalingan sa mga biyuda, ulila at may karamdaman sa Gabon. Panginoon, nawa ang Iglesya ay magmahal at mangalaga sa kanila. (Jer. 30:17)

**27**. Panginoon, bigyan Mo ng tapang ang mga tagapangunang Liberian upang mabago ang nakaugaliang sistema na nagbibigay ng panganib tulad ng fistula at ng ritwal na pagtatanggal ng labas na bahagi ng ari ng babae. (Eph. 6:10)

**28**. Mahabaging Tagapagligtas, aliwin Mo ang mga biyuda, solong ina, at mga tagapag-alaga sa Mali na nabibigatan dahil sa mga responsibilidad at sa pagkawala ng mga mahal sa buhay. Pagkalooban Mo sila ng kanilang mga pangangailangan at ilapit Mo sila sa Iyong puso. (Matt. 5:4)

**29**. Ang programang Women of Hope ay nasa Nigerian Pidgin English na ngayon! Nawa ay makilala Ka ng mga kababaihang tagapakinig at mabago ang kanilang mga buhay. (Acts 19:20)

**30**. Panginoon, tulungan Mo na malaman ng mga kababaihan sa Côte d'Ivoire ang kanilang kakayahan sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga tungkulin sa pamumuno sa kanilang komunidad at bansa at sa pagpapalaganap ng kapayapaan, hustisya at pag-unlad para sa lahat. (Mic. 6:8)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**